

Mayroong malinaw na syentipikong ebidensya na napipigilan ng pagsusuot ng face mask ang pagkalat ng COVID-19.




Isa sa pinakasimpleng paraan upang maprotektahan ang mga buhay at kabuhayan habang may pandemya ay ang pagsusuot ng isang face mask.^{1,2}

Lahat halos ng iginagalang na mga organisasyong medikal at pang-agham ay sumasang-ayon na mabisa ang mga face mask para makatulong na mapigilan ang pagkalat ng COVID-19.^{2,3,4,5,6,7}

Pinapakita sa isang pag-aaral ng Centers for Disease Control and Prevention na hindi lamang pinoprotektahan ng mask ang ibang mga taong mahawa ng virus na nagdudulot ng COVID-19, subalit pinoprotektahan din ang mga face mask sa taong nagsusuot ng mask.⁸ Alam natin na kadalasang kumakalat ang COVID-19 sa pamamagitan ng mga tilamsik at maliliit na particle sa hangin mula sa ating ilong at bibig.^{9,10} Lubhang pinabababa ng pagsusuot ng face mask ang pagkakataong maikalat ng isang tao ang virus sa iba o na mahawa ng virus.¹¹

Pinababa ng face mask ang transmisyon sa hangin



Walang sintomas

Malusog

Walang sintomas

Malusog

Ang pagsusuot ng mga face mask at pagpapabakuna ay nagpapabagal sa pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan at sa bilang ng mga mag-aaral at mga gurong nasa kuwarantina.

Pinahihintulutan ng mga gabay sa pagkuwarantina sa paaralan para sa 2021-2022 taong pampaaralan na lumahok sa mga pagkatuto sa loob ng silid-aralan kapag nabakunahan na ang mga mag-aaral o nagsusuot ng mga mask. Maaring magpatuloy sa pagkatuto sa loob ng silid-aralan pagkatapos malantad kung:

- Ganap ka nang nabakunahan.
- Ikaw at ang taong nagpositibo ay parehong nagsusuot ng mga mask.
- Nagsuot ka ng isang N95 o KN95 na mask nang nalantad ka, kahit na walang suot na mask ang taong nagposiitibo sa pagsusuri.



1. <https://s3-us-west-2.amazonaws.com/marriner-wpmedia/wp-content/uploads/2020/11/SeegertGaulinYangNavarroSanchez2020-web.pdf>
 2. <https://www.idsociety.org/covid-19-real-time-learning-network/infection-prevention/masks-and-face-coverings-for-the-public/>
 3. <https://pws.byu.edu/covid-19-and-masks>
 4. [https://www.thelancet.com/journals/lancet/article/PIIS0140-6736\(20\)31142-9/fulltext](https://www.thelancet.com/journals/lancet/article/PIIS0140-6736(20)31142-9/fulltext)
 5. <https://msphere.asm.org/content/5/5/e00637-20/article-info>
 6. https://www.cdc.gov/mmwr/volumes/69/wr/mm6928e2.htm?cid=mm6928e2_w

7. <https://jamanetwork.com/journals/jama/fullarticle/2768532>
 8. <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/more/masking-science-sars-cov2.html>
 9. <https://science.sciencemag.org/content/368/6498/1422>
 10. <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/science/science-briefs/scientific-brief-sars-cov-2.html>
 11. [https://www.thelancet.com/journals/lancet/article/PIIS0140-6736\(20\)31142-9/fulltext](https://www.thelancet.com/journals/lancet/article/PIIS0140-6736(20)31142-9/fulltext)